

Ang Patuloy na Pagpupunyagi ni Onma!

Kinapanayam ng Mimitaro sa pagkakataong ito ang isang *sign language interpreter* sa munisipyo ng lungsod ng Omihachiman na si Bb. Lee Woo Ja ng Ryuo-cho ukol sa kanyang mga saloobin sa paninirahan dito sa Japan bilang isang "zainichi".

☆ (Ang "Onma" ay isang salitang Koreano na nangangahulugan ng "mama" o nanay).



Ako ay isang "ika-2 henerasyon at kalahati" na Koreano. Ang aking ama ay dumating dito nang siya ay bata pa at ang aking ina naman ay dito ipinanganak. Ang mga Koreanong naninirahan sa Japan o "zainichi" ay tumutukoy sa mga sapilitang dinala rito buhat sa *Korean Peninsula* na sinanib ng Japan sa loob ng 35 taon mula ng taong 1910 hanggang sa matapos ang ika-2 digmaang pandaigdig at sa kanilang mga naging supling at apo. At dahil sa nagmula sa isang bansang dating sinakop, sila ay namuhay nang puno ng pasakit, kasabay ang pagdanas ng diskriminasyon sa lipunang Hapon sa iba't-ibang sitwasyon, tulad sa trabaho, pag-aasawa, at paninirahan. Nagbago na ang panahon subalit ang diskriminasyon sa lahi ng isang tao ay nabago lamang ang anyo, ngunit malalim pa rin ang ugat nito. Nang aking mapanood ang binitawang mapopoot na mga salita (*hate speech*) laban sa isang paaralan para sa mga katutubong Koreano sa pagtatapos ng nakaraang taon, nagbalik ang mga alaala ng mga nangyari sa akin noong araw at hindi ko napigilan ang maiyak.

Kaming mga Koreanong naninirahan dito ay hindi naiiba ang panlabas na itsura sa mga Hapon, kung kaya't upang maiwasan ang diskriminasyon, marami ang nagtatago ng tunay nilang pangalan at gumagamit ng pangalang Hapon. Ako mismo ay nagtapos sa elementarya, junior at senior high school na gamit ang pangalang Hapon, subalit sa takot kong malaman na ako ay isang Koreano, hindi naging panatag ang aking kalooban sa loob ng paaralan. Sa pagtatapos sa elementarya, naranasan ko ring punitin ng aking kamag-aral ang aking diploma nang tawagin ang tunay kong pangalan. "Sinasabi ko na nga ba na isa siyang Koreano!" Dahil sa dinanas kong kalupitan, nasumbatan ko rin ang aking mga magulang sa dahilang ako ay ipinanganak nila sa Japan at hindi sa Korea. Kinailangan ko ng mahabang taon at lakas ng loob bago ko nagamit ang aking tunay na pangalan, at sa wakas, ako ay naging estudyante sa unibersidad at dito ay naramdaman ko ang pagkabuo ng aking sariling "identity" na idinulot nang pagdama sa aking katutubong kultura sa aking pag-aaral ng sariling wika at kasaysayan.

Pagkaraan nito, ako ay nag-asawa at nagkaroon ng mga anak. Labis akong nag-alala kung ang aking mga anak ay nabibigyan ng nararapat na respeto bilang mga Koreano sa kanilang paaralan, at sa tuwing may magaganap na problema, ako ay nagpupunta sa paaralan at sa board of education upang iparating ang aking opinyon. Nagawa naming makibagay sa komunidad, na gamit ang aming tunay na pangalan, upang maunawaan kami ng mas nakararaming tao sa aming paligid. Mayroong 20 taon na ang nakalilipas buhat nang ako mismo ay magsalita sa harap ng mga bata sa mga klase sa paaralan ukol sa aking pinagmulang lahi, at aking tinanggap ang pagiging opisyal sa mga lokal na samahan at sa paaralan.

Ang naging dahilan ng pagsisimula ko ng *sign language* ay ang isang magulang sa pinapasukang kindergarten ng aking anak, na napansin kong tahimik na gumagamit ng pagsenyas sa isang sulok. Ang pagkakaroon ng kapansanan sa pagdinig at kaming mga Koreano

dito sa Japan ay magkatulad sa dahilang parehong hindi ito malalaman sa panlabas na kaanyuan lamang. Nag-umpisa ako sa pagsali sa isang grupo sa *sign language* at sa kasalukuyan, ako ay nagtatrabaho bilang isang *sign language interpreter* sa welfare division para sa mga may kapansanan sa munisipyo. Sa pakikinig sa mga pagsangguni ng mga may kapansanan sa pandinig, maraming kagulat-gulat na mga bagay akong nalaman, tulad ng pagiging limitado ng mga impormasyong kanilang natatanggap, ang hindi sapat na pagkakataon upang sila ay makapag-aral, at ang pagtatago sa mga katulad nila sa lipunan. Ang kanilang tinig ang naging dahilan upang kumilos ang pamahalaan at magkaroon ng ordinansya sa *sign language* ang lungsod. Sa pagtukoy ng ordinansang ito sa *sign language* bilang isang wika at isang kultura, ang pang-unawa ukol rito ay lalawak pa at umaasa akong ang mga may kapansanan sa paningin at pandinig ay makakapamuhay nang may dangal, may sigla at lantaran.

Kung hindi magsasalita ang mga tinatawag na "minority" na tulad ng mga may kapansanan at mga dayuhan, sila ay hindi mabibigyang-pansin. Marami rin sa kanila ang hindi nabibigyang-ayos ang katayuan sa lipunan. Maaaring may magsabi na "walang kahihiyan" ang mga taong "mahihina" kapag sila ay naglabas ng hinaing, subalit marami rin silang makikilala na magsasabi na "Ngayon lang namin nalaman yan. Hindi tama yan", at maaaring makapagbigay ito sa kanila ng tiwala sa kanilang mga sarili. Hindi katulad sa kaso namin na nangailangan pa ng mahabang panahon, maaaring sabihin ng mga baguhan ngayon na "Ito ang aming kultura." Sana ay bigyang-halaga nila ang kanilang sariling kultura, siguruhing ang kanilang mga anak ay magkaroon ng sariling *identity* sa pamamagitan ng paggamit ng kanilang katutubong wika sa loob ng kanilang mga tahanan.

Sinasabi nila sa akin, "Napakatiyaga mo, Lee san", subalit nais ko sanang makapamuhay ng "pangkaraniwan" na hindi na kailangang ng lubos na pagpapakasakit. At upang makamit ang isang ordinaryong kaligayahan, dapat na tuwirang sabihin ang mga nakikitang hindi tama. Upang sumulong nang kahit paunti-unti, kailangan ko pang magpatuloy ng pagsisikap. Ipagpatuloy pa natin ang pagpupunyagi nating mga ina.

Ito ay isang tulang isinulat ng aking anak na babae noong siya ay nasa elementarya. Sa kabutihang-loob ng mga tao sa paligid, sana ay lubusan nang matanggal ang "langib" sa aming mga sugat.

Ang Langib sa Damdamin

ni Cho Kaho

Noong ako ay nasa unang baitang at pati na sa ika-2 baitang sa paaralan Maraming beses akong pinagsabihan ng mga masasakit na salita.

Nang ito ay sabihin ko sa aking guro,

"Bakit ka nagsasalita ng ganyan?"

Ang sugat sa katawan ay maaaring gumaling,

Subalit ang sugat sa damdamin ay hindi na."

Ganito niya pinagaitan ang nagsabi nito sa akin.

"Pasensiya na, pasensiya na."

Ilang beses ko na bang narinig ang "Pasensiya na"

Ang sugat ng damdamin ay hindi gumagaling

Ngayon, ang sugat ay nagkaroon na ng langib

Natitiyak kong malapit nang matanggal nang lubusan ang langib na ito.



Umunlad sa Kabila ng pagkakaroon ng kapansanan!



Maraming mga serbisyo at suporta sa Japan na batay sa batas na sumusuporta sa pagsasarili ng mga taong may kapansanan (Batas sa malawakang pagsuporta sa mga taong may kapansanan mula Abril, 2018) upang ang mga taong nagkaroon sa kung anong kadahilanan ng mental at pisikal na kapansanan, ay makapamuhay sa araw-araw sa loob ng lipunan. Kumunsulta sa inyong munisipyo kung mayroong anumang dinadalang alalahanin.

Ang mga taong may kapansanan ay nahahati sa mga may kapansanang intelektuwal, kapansanang pisikal, at kapansanang mental (kasama rito ang *developmental disorder*), at kasama rin dito ang mga magagaang na kapansanan. Sila ay maaaring makatanggap ng iba't-ibang uri ng sistema ng suporta at serbisyo ayon sa uri at antas ng kanilang kapansanan. Para rito, kinakailangang mag-apply sa munisipyo sa pagkuha ng "Katunayan ng Pagkakaroon ng Kapansanan" (*shougaisha techou*): Katunayan para sa mga may kapansanang pisikal (*shintai shougaisha techou*), Katunayan ng pagre-rehabilitasyon, tulad ng rehabilitasyon ng mga batang may kapansanan (*ryouiku techou*), at Katunayan para sa mga may kapansanang mental (*seishin shougaisha hoken fukushi techou*). Ang pagkilala sa pagkakaroon ng kapansanan ng isang tao ay nangangailangan ng pagpapasiya ng mga medikal na institusyon at ng mga dalubhasang ahensiya.



☆◆ Mga serbisyong matatanggap sa pagtatamo ng Katunayan ng Pagkakaroon ng Kapansanan (*shougaisha techou*) ◆☆

■ **Serbisyong medikal sa pagsuporta sa pagsasarili ng mga taong may kapansanan (*jiritsu shien iryou*)** Upang mapagaan ang mga kapansanan ng katawan at pag-iisip, babawasan ang halaga ng babayaran sa mga gastusin sa pagpapagamot.

■ **Serbisyo para sa kapakanan ng mga may kapansanan (*shougai fukushi service*)** Mayroong serbisyo na tulad ng pangangalaga sa loob ng bahay, pangangalaga ng mga may malubhang kapansanan sa loob ng bahay, pagsuporta sa mga aktibidad, serbisyo ng pagsama (pag-escort), panandaliang pamamalagi, group home, pangangalagang medikal, pang-araw-araw na pangangalaga, pagtulong sa mga nasa pangangalaga ng mga institusyon, atbp.

■ **Serbisyo ng pagsuporta at pagbibigay ng benepisyo sa regular na pagpunta ng mga batang may kapansanan sa sari-saring mga pasilidad (*shougaiji tsuusho shien kyuufu service*)** May mga serbisyong tulad ng pagsuporta sa pag-unlad ng mga bata, medical type child development support, after school day service, atbp.

Ukol sa mga serbisyong nabanggit, papasanin ng gumamit nito ang 10% ng basehang halaga ng ginamit na serbisyo bilang karaniwang patakaran. Subalit maaaring mabawasan ang kanilang babayaran batay sa kinikita (income) ng sambahayan.

■ **Welfare Allowance (*fukushi teate*)** May mga kaso kung saan maaaring mapagkalooban ng allowance at pensiyon depende sa klase at antas ng *shougaisha techou*. (May limitasyon sa halaga ng kinikita. Maaaring hindi matanggap ang allowance na nadoble.)

Special Disability Allowance (*tokubetsu shougaisha teate*), Children's Disability Welfare Allowance (*shougaiji fukushi teate*), Progressive Welfare Allowance (*keikateki fukushi teate*), Severe Disability Allowance (*zaitaku jyuudo shougaisha teate*), Special Child Rearing Allowance (*tokubetsu jidou fuyou teate*), Child Rearing Allowance (*jidou fuyou teate*), Allowance for Orphans (*iji teate*), Disability Basic Pension (*shougai kiso nenkin*), Disability Employees' Pension (*shougai kousei nenkin*), Special Disability Benefits (*tokubetsu shougai kyuufukin*), Disability Compensation Benefits (*shougai hoshou kyuufu*), Disability Benefits (*shougai kyuufu*).

■ **Iba pa** Bukod pa sa pagbawas ng buwis sa kinikita, pagbawas ng bayad sa paggamit ng mga pampublikong pasilidad, diskuwento sa pamasaha sa mga transportasyon, at pagkakaroon ng karapatang mauna sa pangungupahan sa mga pampublikong pabahay, mayroon ring tulong sa pagtatrabaho at maaaring mas bigyan ng konsiderasyon ukol sa mga kapansanan sa paghahanap ng trabaho.


☆☆◆ Pangangalaga at Pasilidad sa Edukasyon para sa mga Batang may Kapansanan ◆☆☆

▲ May mga pasilidad sa pangangalaga ayon sa uri ng kapansanan na tulad ng *welfare type* at *medical type* na pasilidad para sa mga batang may kapansanan, *medical type child development support center*, at iba pa. <http://www.pref.shiga.lg.jp/e/jido/shisetsu.html>

▲ May sistema ng karagdagang pagpapatala at sangay sa mga paaralan para sa *special support education* sa mga elementarya at junior high school, pagtanggap ng pamamatnubay sa mga natatanging pagsasanay habang nag-aaral sa komunidad, at maaaring makapag-aral ng bokasyonal sa mga senior high school.

▲ Mayroong 16 na paaralan para sa *special support education* sa bawat lugar sa loob ng prepektura.

<http://www.pref.shiga.lg.jp/edu/270630.html?mode=preview>



Huwag mag-alala, agad na kumunsulta!

- Welfare section para sa mga may kapansanan ng bawat munisipyo
- Welfare center para sa mga may kapansanan ng Shiga - Pagsangguni para sa mga taong may kapansanan sa katawan at pag-iisip at sports center para sa mga may kapansanan (may pool, training room, atbp.)
8-5-130 Kasayama, Kusatsu City Tel. 077-564-7327
- Shiga Prefectural Education Center – Pagsangguni ukol sa *special support education*, Pagsangguni ukol sa mga batang may *developmental disorder*, atbp.

Humingi ng appointment kung nais na bumisita.

Pagsangguni sa telepono: 9:00 am -12:30 pm, 1:00 -4:30 pm

Kitazakura, Yasu City Tel.077-588-2505

Mga Grupo sa Pag-aaral at Paglilibang ng mga Bata

Pasukan na naman! Tayo nang magsikap sa pag-aaral at sa paglilibang! Maraming samahan sa loob ng prepektura kung saan ang mga dayuhang bata ay sama-samang nag-aaral, naglalaro, at kumakain.



Pangalan ng Samahan	Detalye	Lugar	Araw / Oras	Para sa impormasyon
Kodomo no tame no Nihongo Kyoshitsu (Silid-aralan sa pag-aaral ng Nihongo para sa mga bata)	Suporta sa pag-aaral, suporta bago pumasok sa elementarya, suporta sa paglalaro (mula 4 na taon ~ ika-6 na baitang sa elem.)	Nagahama City Nagahama Int'l. Cultural Friendship House GEO	Sabado 3:00 pm ~ 4:00 pm	Nagahama Int'l. Friendship Association (NIFA) Tel. 0749-63-4400 nifa_info@ybb.ne.jp
Hikone UNESCO Assoc. (Silid-aralan ng mga bata sa pag-aaral ng Nihongo)	Suporta sa pag-aaral, pag-aaral ng Nihongo	University Satellite Plaza Hikone (AI Plaza Hikone 6 th F)	Linggo 10:00 am ~ 4:00 pm	Hikone UNESCO Association Tel. 0749-24-7974
World Amigo Club	Suporta sa pag-aaral, pagtuturo ng Nihongo, isang lugar kung saan maaaring mamalagi ang mga bata	Omiachiman City Kaneda Community Center	Sabado 10:00 am ~ 12:00 nn bakasyon sa tag-init (4 beses) bakasyon sa taglamig (1 beses)	Tel. 080-3834-8095 world.amigo.club@gmail.com
Kan-chan no chiisana ie ("Ang Munting Tahanan ni Kan")	Sanggunian ukol sa pag-aaral, suporta sa pag-aaral	Omiachiman City Kan-chan no chiisana ie	Makipag-ugnayan ukol sa araw / oras	Tel. 090-3708-3315 srmq61299@nike.eonet.ne.jp
Higashimi Amigo Kyoshitsu (Silid-aralan ng Amigo)	Pag-aaral ng Nihongo, suporta sa pag-aaral, kultura ng Hapon	Higashimi City Heartpia, Yokaichi City	Sabado 2:00 pm ~ 4:00 pm	Higashimi City Board of Educ. Lifelong Learning Division Higashimi School Support Regional Headquarters Tel. 0748-24-5672
Silid-aralan para sa pag-aaral ng wika ng Timog Amerika: Camino Kyoshitsu Caminho Kyoshitsu	Pag-aaral ng katutubong wika: ① Salitang Kastila ② Portuges	Konan City Mito Machizukuri Center	Sabado ① 10:30 ~ 12:00 ② 9:30 ~ 11:30 11:30 ~ 13:00	Konan International Association Tel. 0748-71-4332
Camiyando	Pag-aaral ng Nihongo, suporta sa pag-aaral	Konan City ERUDI	Lunes, Miyerkules 7:00 pm ~ 9:00 pm	Tel. 090-1338-3350 (Mr. Kise)
Kodomo Club "Tanpopo"	Suporta sa pag-aaral ng mga jr. at sr. high school, pagtuturo ng katutubong wika ng Portuges (lalo na sa mga estudyante sa elementarya)	Kusatsu City Human Rights Center	Miyerkules 5:00 pm ~ 7:00 pm	tampopo@digibo.tv
"Niji" Nihongo Kyoshitsu (Silid-aralan sa pag-aaral ng Nihongo "Niji")	Suporta sa mga batang lampas na ang edad sa compulsory education para sa kanilang pagpasok sa sr. high school	Kusatsu kyoshitsu (SHIPS)	Abril ~ Marso Lunes ~ Biyernes	Working Support Association for Foreign Residents Tel. 077-561-5110
Hiyori-terakoya Otsu	Suporta sa pag-aaral, mga hakbangin para sa pagkuha ng entrance examination	Otsu City Seta Community Ctr. 2F	Sabado 10:00 am ~ 12:00 nn	hiyori_o2@yahoo.co.jp

Multicultural Cafeteria para sa mga Bata • Iba pa

SHIPS	"Multicultural cafeteria" para sa mga bata	Kusatsu City SHIPS	Ika-4 na Sabado 11:00 am ~ 2:00 pm	Tel. 077-561-5110
Kan-chan no chiisana ie	Pamumuhay ng sama-sama ng iba't-ibang kultura, pakikipag-ugnayan sa komunidad (cafeteria para sa mga bata)	Omiachiman City Kan-chan no chiisana ie	1 beses sa loob ng 2 buwan	Tel. 090-3708-3315
Hikone-shi Kodomo Tabunka Club (Hikone City Children's Multicultural Club)	Pagluluto, pagdanas sa sari-saring kultura, pagbisita sa mga pasilidad, atbp.	Hikone City	Bakasyon sa tag-init, bakasyon sa taglamig	Hikone City Human Rights Policy Division Tel. 0749-30-6113

Event Information



◆Hachiman Festival 4/14 (Biyernes) • 4/15 (Sabado)

Himure Hachimangu Shrine (257 Miyauchi-cho, Omihachiman City)
Isang katutubong kultura ng bansa na may ipinagmamalaking mahigit sa isang libong taong kasaysayan.

4/14 – Torch Festival 4/15 – Drum Festival

[Info] Tourist Information Office (Omihachiman Station North Exit)

Tel. 0748-33-6061

◆Minakuchi Hikiyama Festival

4/19 (Miyerkules) • 4/20 (Huwebes)

Minakuchi-jinja Shrine (3-14 Miya no mae, Minakuchi-cho, Koka City)
Isang katutubong kultura ng prepektura. Ang pagtugtog ng musika ng *Minakuchi Bayashi* sa maringal na *hikiyama* (karosa) ay lalong nakakapagpasigla sa pagdiriwang.

[Info] Koka City Tourism Association

Tel. 0748-60-2690

◆Korei Taisai (Taga Festival) 4/22 (Sabado)

Taga Taisha Shrine (604 Taga, Taga-cho)

Isang seremonyang nilalahukan ng mahigit-kumulang sa 400 katao at may mga nakasakay rin sa mahigit na 40 mga kabayo.

[Info] Taga Sightseeing Association

Tel. 0749-48-1553

◆Ika-49 Kusatsu Shukuba Matsuri 4/30 (Linggo)

Gaganapin sa daan ng Tokaido at Nakasendo sa paligid ng JR Kusatsu station at ng munisipyo. May parada na magpapakita ng mga kasuotan noong unang panahon, mga tindahan sa daan, pagtatanghal sa entablado, atbp.

[Info] Kusatsu Shukuba Festival Executive Committee Secretariat

Tel. 077-566-3219

◆Shigaraki Pottery Fair sa harap ng Shigaraki station

Mula huling bahagi ng Abril ~ Unang bahagi ng Mayo

Shigaraki Kogen Railway, Shigaraki station square

(Shigaraki-cho, Koka City)

May iba't-ibang uri ng mga palayok at masasarap na pagkain.

[Info] Station Pottery Business Promotion Association

Tel. 0748-82-0194

◆Kenketo Festival 5/3 (Miyerkules)

Suginoki-jinja Shrine (Yamanoue, Ryuo-cho, Gamo-gun)

Isang katutubong kultura ng bansa. Ang mga kalalakihang tagarito ay magsusuot ng makukulay na mga kasuotan at magpapakita ng sayaw ("sword dance").

[Info] RyuoTourism Association

Tel. 0748-58-3715

◆Azuchi Nobunaga Festival 6/4 (Linggo)

Azuchi Castle ruins Shimotoira, Azuchi-cho, Omihachiman City

Gaganapin ang isang parada ng mga mandirigmang *samurai* sa paggunita sa anibersaryo ng kamatayan ng pinuno ng hukbo noong digmaang sibil sa Japan na si *Oda Nobunaga*. Mayroong mga paninda sa *Azuchi Raku Ichi* at marami ring mga event.

[Info] Azuchi Nobunaga Festival Council

Tel. 0748-46-2346

Ang susunod na labas ng Mimitaro ay nakatakda sa buwan ng Hulyo.



Paunawa mula sa SIA



◆Pagsasanay ng mga nursing care staff sa Shiga Prefecture

Ginaganap ng prepektura ng Shiga ang pagsasanay ng mga tauhan sa pag-aalaga ng matatanda, may kapansanan, atbp., para sa mga dayuhan upang sila ay makapagtrabaho sa larangan ng *nursing care*. Mangyaring makipag-ugnayan ang sinumang interesado.

Nilalaman: Pagsasanay sa wikang Nihongo na kakailanganin sa trabaho, pagsasanay para sa mga baguhang tauhan sa *nursing care*, atbp.

Mga maaaring lumahok: Mga dayuhang residente ng prepektura na nagnanais na magtrabaho sa larangan ng *nursing care*.

*Walang bayad ang matrikula, subalit bibilhin ang sariling libro.

Panahon ng aplikasyon: mula Abril hanggang Marso, 2017

Panahon ng pagsasanay: mula Hunyo hanggang Disyembre, 2017

Lugar ng pagsasanay: Lungsod ng Kusatsu

[Info] SHIPS Tabunka Kyosei Shien Center

(Inatasang organisasyon ng prepektura)

Tel. 077-561-5110



"La Folle Journée Biwako 2017"



◆4/28 (Biyernes)~4/30 (Linggo)

Shiga Prefectural Center for the Performing Arts "Biwako Hall"
(15-1 Uchidehama, Otsu City)

Masisiyahan sa mga lokal at pandaigdig na primera klaseng pagtatanghal sa mababang halaga sa mga ginaganap ritong music festival. Nagdaraos rin ng mga libreng event na tulad ng concert sa labas ng bulwagan at mga programa para sa bata. Tingnan ang mga detalye sa website ng Biwako Hall.

<http://lfjb.biwako-hall.or.jp/>



La Folle Journée Biwako 2017 "Kids' Program"

Petsa: 4/30 (Linggo)

Lugar: Shiga Intercultural Association for Globalization (SIA)
International Information Salon

• Maging isang Capoeirista! Mag-aral ng mga hakbang na kahanga-hanga ♪ Mga salaysay ukol sa Brazil

Ating subukan ang "Jinga steps" na siyang mga hakbang sa sayaw na *Capoeira* ng Brazil! Mayroon ding pagsasalaysay na magpapakilala ng kultura at kagandahan ng bansang Brazil.

① 11:00 am ~ 11:25 am

② 11:40 am ~ 12:05 pm

③ 12:55 pm ~ 1:20 pm

④ 1:45 pm ~ 2:10 pm

※Walang bayad ang paglahok.

※Mga maaaring lumahok: maliliit na bata hanggang elementarya

Magsisimula ang pagtanggap sa mauunang 12 kalahok mula 10:30 am sa mismong araw sa alin man sa oras na nasa itaas.



Pangangalap ng mga Dayuhang Estudyanteng Aplikante para sa Biwako Scholarship Taong 2017

Mga maaaring mag-apply: Mga estudyanteng buhat sa ibang bansa, mga estudyante sa pamantasan o junior college na naninirahan sa Shiga. (Ang mga estudyante sa senior high school ay hindi na sinasakop nito mula sa taong 2016.)

Basahin ang mga patnubay para sa aplikasyon sa taong 2017 ng

Shiga-ken Kokusai Kyokai (<http://www.s-i-a.or.jp>)

[Info] Shiga Intercultural Association for Globalization (SIA)

Tel. 077-526-0931